A Project of the Sub-Committee on the Protection and Welfare of Children in Street Situations

# GABAY SA PAGTALAKAY NG MGA BIDYO UKOL SA CHILDREN IN STREET SITUATIONS

with the support of Lifebank Foundation, Inc.





# PAGPAPASALAMAT

We would like to express our heartfelt gratitude and appreciation to the following groups and individuals for their valuable contributions in the development of the Video Discussion Guide on Children in Street Situations (CiSS):

**Members of the Sub-Committee for the Protection and Welfare of Children in Street Situations (SC-PWCiSS):** We extend our sincere thanks to the dedicated members of the Sub-Committee for their patience, expertise, and commitment in reviewing and providing insightful inputs to the Video Discussion Guide. Your invaluable contributions have greatly enhanced the quality and effectiveness of this publication.

**MEMBERS FROM NATIONAL GOVERNMENT:**
- Council for the Welfare of Children (CWC)
- Department of Social Welfare and Development (DSWD);
- Department of Education (DepEd);
- Department of Health (DOH);
- Department of the Interior and Local Government (DILG);
- National Economic and Development Authority (NEDA);
- National Youth Commission (NYC);
- National Anti-Poverty Commission (NAPC);
- Philippine National Police – Women and Children Protection Center (PNP-WCPC);
- Commission on Human Rights (CHR)

**MEMBERS FROM CIVIL SOCIETY ORGANIZATIONS:**
- Association Soeur Emmanuelle (ASMAE)
- Bahay Tuluyan Foundation, Inc. (Bahay Tuluyan);
- Kanlungan sa ER-MA Ministry, Inc. (KSEM);
- National Council of Social Development of the Philippines (NCSD);
- ChildHope Philippines Foundation, Inc. (ChildHope);
- Lifebank Foundation, Inc. (LifeBank);

# PAGPAPASALAMAT

**Local Government Units, RSCWCs, RCWCs, CSOs working with CiSS and Youth participants:** We sincerely appreciate the tireless efforts of Local Government Units and NGOs working with Children in Street Situations especially the cities of Iloilo, Cagayan De Oro, Davao, Cebu, Zamboanga, Batangas, Valenzuela, Parañaque, Manila, and Pasig, the representatives of RSCWCs and RCWCs as well as the inspiring youth participants during the pre-testing of the Video Discussion Guide. Your valuable perspectives, experiences, stories, and insights have greatly enriched the material, ensuring that it reflects the realities, challenges, effective strategies, and authentic experiences of these children. This has made the publication more impactful, relatable, and comprehensive.

**Consultant for the Video Discussion Guide:** We would like to extend a special thanks to the consultant, Dr. Stephanie Sison, who worked tirelessly to provide expert guidance and ensure the quality of the Video Discussion Guide. Your expertise, professionalism, and dedication have been instrumental in making this publication a valuable resource for all stakeholders. We'd also like to thank Ms. Camie Santiago for her beautiful layout design.

**CWC Secretariat:** We express our gratitude to the SC-PWCiSS Chairpersons for their invaluable support, coordination, and administrative assistance during the development of the Video Discussion Guide. Your commitment to ensuring the smooth implementation of this project has been instrumental in its success.

**USEC. ANGELO M. TAPALES**
Executive Director V | Chairperson
Council for the Welfare of Children | SC-PWCiSS

**MR. MICHAEL BISMAR**
Country Representative | Co-Chairperson
Association Soeur Emmanuelle (ASMAE) Philippines | SC-PWCiSS

**MS. FLORINOR ALGO**
Alternate Co-Chairperson
Association Soeur Emmanuelle (ASMAE) Philippines | SC-PWCiSS

**KUYA PAULO ORDOVEZ**
SC-PWCiSS, Secretariat

Lastly, we would like to express our heartfelt appreciation to the Project Team of the Street Children NGO Support Project (SNSP) of Lifebank Foundation, Inc. Your commitment and perseverance have played a crucial role in bringing this guide to fruition.

**MS. NORMA CHAN-PONGAN**
Executive Director | Alternate Member
SNSP, Lifebank Foundation, Inc. | SC-PWCiSS

Thank you everyone for your dedication and hard work, we are better equipped to support and empower children in street situations!



*“A just world which ensures that* ***children can live and grow up in dignity*** *with their families and in their environment, so they can become* ***free individuals*** *who actively participate in society.”*



# FOREWORD: CWC

Noon pa man, ang Council for the Welfare of Children o CWC ay kaagapay na ng national at local government units sa pagtugon sa iba't-ibang usaping may kinalaman sa mga bata upang sila ay protektahan, pangalagaan, at igalang bilang bahagi ng lipunan.

Hindi maipagkakaila na may malaking epekto ang pandemya sa ating lahat. Kabilang na rito ang epekto sa ating mental health sanhi ng stress, pagkabagot at pagkabalisa sa mahabang panahong tayo ay naka- quarantine.

Ngunit, walang malinaw na datos sa kung ano ang dinanas ng mga batang nasa lansangan noong panahon ng pandemya. Marami sa kanila ang nanatili sa lansangan, maaaring naguluhan at natakot din tulad natin.

Ang CWC, sa pangunguna ng Sub-Committee on the Protection and Welfare of Children in Street Situations (SC-PWCiSS) at Lifebank Foundation, Inc., ay gumawa ng isang video animation series na ang layunin ay magbigay-liwanag sa mga isyu ng CiSS. Sila man ay nahaharap sa maraming hamon at mga panganib sa kanilang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan, hindi pa rin huli na mabago ang kanilang buhay.

Ang nasabing CiSS VIDEO ANIMATION SERIES ay magsisilbing gabay sa mga local government units, barangay councils for the protection of children, at iba't-ibang ahensya patungkol sa mga serbisyo, programa at mga aktibidad para sa mga batang nasa lansangan.

Inaanyayahan ko kayong lahat na gamitin ang CiSS VIDEO ANIMATION SERIES bilang gabay sa malawakang pagtalakay tungkol sa kahulugan ng CiSS, kanilang mga isyu at mga hakbang upang suportahan sila.

Hangad ng CWC ang tagumpay ng mga pagkilos para sa mga children in street situations. Kasama ninyo kami sa pagtataguyod ng ligtas na lipunan para sa lahat ng mga batang pilipino.

MABUHAY TAYONG LAHAT!



**USEC. ANGELO M. TAPALES**
Executive Director V
Council for the Welfare of Children

# MENSAHE MULA SA ASMAE

Children in Street Situations (CiSS) are the most vulnerable and invisible sector of children. They are called Children at-Risk which means to say that they need an intervention through an effective strategic direction to sustainability. This CiSS video animation guide and the CiSS videos themselves serve as tool in bringing out a collaborative mechanism in addressing the issues of CiSS.

Furthermore, it is a tool to heighten the awareness of all concerned agencies, stakeholders and individuals on how to perceive the CiSS as "Batang nasa Lansangan, and NOT Batang Lansangan" as our intervention starts from the way we perceive them as these children already suffer from stigma and discrimination. Thus, Asmae Philippines as an international NGO and as a Co-chair of the CWC- Subcommittee on the Protection and Welfare of CiSS (SC-PWCiSS) is committed to support in addressing these issues of CiSS anchored on its mission.

***"A just world which ensures that children can live and grow up in dignity with their families and in their environment, so they can become free individuals who actively participate in society."***



**MR. MICHAEL BISMAR**
Country Representative, ASMAE Philippines
Co-chair, CWC- Sub-Committee on the Protection
and Welfare of CiSS

# MENSAHE MULA SA DSWD

The Department of Social Welfare and Development (DSWD) and its attached agency, the Council for the Welfare of Children (CWC), continue to work hand-in-hand to uphold and protect the rights of children, including children in street situations (CiSS).

Because of economic reasons, CiSS are often forced to help their parents earn a living on the streets. Other children go to the streets to escape the pressures of life at home and to seek solace, protection, and support from their peers.

These unfortunate situations are what we need to address in order to provide a healthy and enabling environment for them to grow and develop their potentials.

We need a whole-of-society approach to attain this goal and it is fortunate that other national government agencies (NGAs), local government units (LGUs), and other private stakeholders are cooperating with the DSWD and the CWC to address the needs of the CiSS.

With this, I congratulate the CWC and all the member-agencies of the Sub-Committee on the Protection and Welfare of Children in Street Situations (SC-PWCiSS) for coming up with this Video Discussion Guide on how to properly care and handle the CiSS.

May the strategies featured in this material serve as a guide for our service providers, house parents, other care givers, and stakeholders in ensuring that children in street situations will be given protection, compassionate care, and all the necessary interventions for their best interest.

Kudos to everyone who put this useful reference together!



**REX GATCHALIAN**
Secretary
Department of Social Welfare and Development

# MENSAHE MULA SA LIFEBANK

The publication of our latest video advocacy material on the issue of children in street situations highlights who these children are, how to handle them, and where they can seek help for their needs.  It is a valuable resource for anyone interested in learning more about this critical issue and how we can all work together to support these vulnerable children.

As a member of the Sub-committee for the Protection and Welfare of Children in Street Situations and proponent of this material, we see it as an opportunity for the public and private sectors to collaborate and respond strongly to the needs of children in street situations. By raising awareness and providing information about the challenges these children face, we hope to inspire action and encourage everyone to get involved.

We believe that this video advocacy material has the potential to make a real difference in the lives of children in street situations, but we cannot do it alone. We need your help to spread the work and ensure that this material reaches as many concerned individuals as possible.

Thank you for your continued support and dedication to the welfare of children. Together, we can make a positive impact on the lives of those who need it most.



**DR. VICENTE P. PERLAS, M.D.**
President and CEO
Lifebank Foundation, Inc.

# MENSAHE MULA SA NYC

Children living and working on the streets face a multitude of challenges, including poverty, violence, exploitation, and limited access to basic rights such as education, healthcare, and a safe living environment. These children are among the most vulnerable members of our society, and it is our collective responsibility to safeguard their rights and provide them with the necessary support to thrive.

The National Youth Commission (NYC) firmly believes that every child deserves equal opportunities and a chance to reach their full potential. We stand by the principle that every child has inherent dignity and rights that must be protected and upheld. We recognize that the issue of children in street situations (CiSS) requires multifaceted approaches, combining legislative action, community engagement, and comprehensive support systems.

The NYC is committed to implementing proactive measures and fostering collaborations with various stakeholders, including government agencies, civil society organizations, communities, our Local Government Units, and the Sangguniang Kabataan leaders, who share our vision of a society that nurtures, protects, and uplifts children. We shall continue to advocate for the rights of CiSS and promote initiatives that address their needs holistically. This includes providing access to quality education, healthcare services, social protection programs, and safe spaces where children can grow and develop in a supportive environment.

In addition, we aim to raise awareness and understanding about the root causes of children ending up in street situations. By addressing the underlying issues, such as poverty, family disintegration, and lack of social support, we can contribute to preventing the occurrence of this problem and ensure a brighter future for our Filipino children.

We call upon all organizations, partner agencies, and various sectors to join us in creating a society that champions the rights and well-being of every child, regardless of their background or circumstances. Together, we can build a future where no child is left behind, where every child's potential is recognized and nurtured.



**USEC. RONALD GIAN CARLO CARDEMA**
Chairperson and CEO
National Youth Commission


SCHOOL

# MGA NILALAMAN

**Tungkol sa bidyo** ........ **16**

**Tungkol sa gabay na ito** ........ **17**

- Ano ang layunin ng gabay? ........ 17
- Maaari ba itong gamitin ng mga bata? ........ 17
- Sino ang gagamit ng gabay? ........ 18
- Sinu-sino ang mga dapat kasama sa mga talakayan? ........ 18
- Kailan maaring ganapin ang mga talakayan? ........ 18
- Paano gamitin ang mga Gabay na Tanong, Dapat Matalakay, at Pagninilay ........ 18
- Ano ang final output ng mga talakayan? ........ 19
- Mga palatandaan sa pagpapadaloy ng talakayan ........ 20

**Episode 1: Sino nga ba ang CiSS? (Who are CiSS?)** ........ **22**

**Episode 2: Pagkalinga sa mga CiSS (Caring for CiSS)** ........ **24**

**Episode 3: Tamang Pagtulong sa CiSS (Helping CiSS)** ........ **28**

**Episode 4: Mga Plano Para sa mga CiSS (The Philippine Multi-Sectoral Strategic Plan for CiSS)** ........ **32**

**Annex A: Template para sa Susunod na mga Hakbang** ........ **37**

**Annex B: Direktory ng mga Ahensya** ........ **38**

**Annex C: Mga Mapagkukunan ng Impormasyon (Useful Links)** ........ **40**

# ACRONYMS

| | |
|---|---|
| **ASMAE** | Association Sœur Emmanuelle Philippines |
| **BCPC** | Barangay Council for the Protection of Children |
| **CAR** | Children at Risk |
| **CCPC** | City Council for the Protection of Children |
| **CHO** | City Health Office |
| **CICL** | Children in Conflict with the Law |
| **CiSS** | Children in Street Situations |
| **CRC** | Convention on the Rights of the Child |
| **CSO** | Civil Society Organization |
| **CSWDO** | City Social Welfare and Development Office |
| **CWC** | Council for the Welfare of Children |
| **DILG** | Department of the Interior and Local Government |
| **DOLE** | Department of Labor and Employment |
| **DSWD** | Department of Social Welfare and Development |
| **FBO** | Faith-based Organizations |

| | |
|---|---|
| **LCPC** | Local Council for the Protection of Children |
| **LGU** | Local Government Unit |
| **LSWDO** | Local Social Welfare and Development Office |
| **MMDA** | Metropolitan Manila Development Authority |
| **NGO** | Non-Government Organization |
| **PESO** | Public Employment Service Office |
| **PNP-WCPD** | Philippine National Police – Women and Children Protection Desk |
| **RC/SCWC** | Regional Committees/ Sub-Committees for the Welfare of Children |
| **SCPWCiSS** | Sub-Committee on the Protection and Welfare of Children in Street Situations |
| **SNSP** | Streetchildren NGO Support Project |
| **SWDA** | Social Welfare and Development Agencies |
| **TESDA** | Technical Education and Skills Development Authority |
| **UN** | United Nations |

# TUNGKOL SA BIDYO

Ang *Children in Street Situations (CiSS) Video Series* ay binuo noong 2021 ng *Council for the Welfare of Children (CWC) Sub-committee for the Protection and Welfare of Children in Street Situations* sa pakikipagtulungan ng Street Children NGO Support Project (SNSP) ng Lifebank Foundation. Nahahati ang serye sa apat (4) na episodes o kabanata.

| KABANATA | PAMAGAT | HABA |
|---|---|---|
| **1** | SINO NGA BA ANG CiSS? *(Who are CiSS?)* | 4:02 |
| **2** | PAGKALINGA SA MGA CiSS *(Caring for CiSS)* | 4:52 |
| **3** | TAMANG PAGTULONG SA CiSS *(Helping CiSS)* | 5:24 |
| **4** | MGA PLANO PARA SA MGA CiSS *(The Philippine Multi-Sectoral Strategic Plan for CiSS)* | 4:32 |

Layunin ng mga bidyo na palawakin ang kamalayan tungkol sa mga *Children in Street Situations (CiSS),* lalo na ng mga opisyal ng barangay. Nakatuon ito sa mga *Local Government Unit (LGU)* at *Barangay Council for the Protection of Children (BCPC)* na pangunahing tagapag-tanggol ng mga karapatan ng mga bata sa komunidad. Ang mga lungsod at barangay ang tagapagtupad ng mga programa para sa kapakanan ng mga mahihirap na pamilya, tulad ng pabahay, food security, kabuhayan, edukasyon, kalusugan, nutrisyon, at alternative care services.

Kalakip ng booklet na ito ang electronic copy ng apat (4) na bidyo sa serye. Maari ring ma *download* at mapanood ang mga ito sa website ng Street Children NGO Support Project ( SNSP ) ng Lifebank Foundation.
https://www.streetchildrenlbf.org/ciss-video-animations

# TUNGKOL SA GABAY NA ITO

## Ano ang layunin ng gabay?

Binuo ang gabay na ito upang mabago ang pagtingin sa mga batang nasa lansangan o *Children in Street Situations (CiSS).* Ang gabay ay dinesenyo para sa maiiksing talakayan upang ang napanood sa bidyo ay maisulong sa tunay na pagkakakilanlan ng mga CiSS. Hindi ito maaaring kapalit ng masinsinang kasanayan para sa mga LCPC at iba pang kawani ng gobyerno. Inaasahang magiging udyok lamang ito sa mas malalalim na pag-uusap, aksyon, at stratehiya upang makamit ng mga CiSS ang mas magandang kinabukasan.

## Maaari ba itong gamitin ng mga bata?

Hindi ito naka-disenyo para sa mga bata, ngunit kung may kasanayan ang tagapagdaloy, maaaring i-*modify* ang paraan nang talakayan o ang mga tanong mismo upang mas angkop ito sa mga bata. Makakatulong din kung may kaalaman na ang mga batang kalahok tungkol sa mga karapatang pambata.

Kung may mga batang kalahok, mahalagang ihanda sila para sa talakayan. Tiyakin na na-uunawaan nila ang pakay ng talakayan na ito ay isang *"safe space"* at malaya silang magsabi nang tunay na mga opinyon at saloobin nila. Mag-*establish* nang rapport. Maglaan ng sapat na oras na makapagsalita ang lahat.

**Sundin ang Guidebook on Child Participation**
https://cwc.gov.ph/protocol-tools-and-standard/

**Child Protection Protocol**
https://cwc.gov.ph/child-protection-2/

# TUNGKOL SA GABAY NA ITO

### Sino ang gagamit ng gabay?

Itong gabay ay para sa mga facilitator o tagapag-daloy ng talakayan tungkol sa *Children in Street Situations (CiSS).* Maaaring maging tagapag-daloy ang mga miyembro ng *Regional Committees/ Sub-Committees for the Welfare of Children (RC/SCWC), Local Councils for the Protection of Children (LCPC),* o mga *Non-Government Organizations (NGO) at Civil Society Organizations (CSO).*

### Sinu-sino ang mga dapat kasama sa mga talakayan?

Lahat ng mga kasapi ng LCPC, BCPC, mga barangay tanod, at iba pang community workers. Anyayahin din ang mga youth leaders, *Non-Government Organizations (NGO)*, at mga kasapi ng *private sector* tulad ng mga negosyante at kompanya.

### Kailan maaring ganapin ang mga talakayan?

Kung panonoorin at tatalakayin lahat ng *episodes*, tinatayang magtatagal ito nang dalawa (2) hanggang tatlong (3) oras, depende sa dami ng kalahok at sa mga isyu na lumabas. Maaaring talakayin ang bawat kabanata sa magkahiwalay na araw at maaari ring magkaka-sunod. Kung tatalakayin nang isa isa, mabuting balikan sandali ang mga napag-usapan sa nakaraang *episode.*

### Paano gamitin ang mga Gabay na Tanong, Dapat Matalakay, at Pagninilay

Pagkatapos ipalabas ang kabanata, itanong ang *guide questions* o mga gabay na tanong. Maaaring sumagot kahit sino. May mga posibleng sagot sa mga tanong, pero mga halimbawa lang ang mga ito at hindi dapat basahin ng tagapagdaloy.


Pagkatapos ng talakayan, ibuod o *summarize* ang mga mahahalagang puntong napag-usapan. Siguraduhing napag-usapan ang mga nakalistang puntong dapat matalakay.

Hikayatin ang lahat na pagnilayan ang tanong sa dulo ng gabay sa kabanata at isulat ang kanilang sagot. Bigyan sila ng dalawang minutong katahimikan upang makapagnilay. Kung may oras at kung gusto ng mga kasali, maaaring ibahagi ng ilan ang kanilang *reflection* o pagninilay.

## ANO ANG FINAL OUTPUT NG MGA TALAKAYAN?

Pagkatapos talakayin ang ika-apat na bidyo, maglaan ng panahon upang makapag-isip ng mga Susunod na Hakbang o *Next Steps o Ways Forward.* Ito ang mga pinaka-unang maliliit ngunit konkretong gawain na isusulong ng mga kalahok sa talakayan. Ang mga unang hakbang na ito ang magiging simula lamang ng proseso ng pagpapalakas ng lokal na programa para sa mga CiSS. Maaaring gamitin ang *form* na nasa dulo ng gabay para sa *Episode* 4 at sa ***Annex A.***

Bukod sa mga Susunod na Hakbang, maaari ring kumpletuhin ang lokal na Direktory ng mga Ahensya na tumutulong sa mga CiSS o kung saan pwedeng mag-report ng pang-aabuso ng mga bata. Hanapin ang Direktory sa dulo ng *Episode* 3 o sa ***Annex B.***



# TUNGKOL SA GABAY NA ITO

### Mga palatandaan sa pagpapadaloy ng talakayan (Adapted from Quizon, 2021):

- Bago ang araw ng talakayan, alamin ang katangian ng mga dadalo, tulad ng edad, kasarian, trabaho, at kung may alam na sila tungkol sa Karapatang Pambata *(Child Rights) o Chilldren in Street Situations (CiSS).*
- Sa simula ng miting, linawin ang paksa at layunin ng talakayan. Ipaliwanag kung ano ang gagawin nila.
- Ipakilala ang isa't isa—mga kalahok at mga tagapagdaloy.
- Magkasundo sa mga pangunahing alituntunin nang pakikipagtalakayan, tulad ng pagiging bukas sa lahat ng opinyon at pagbibigay ng pagkakataong magsalita ang bawat isa.
- Magtanong ng *follow-up* questions. Sa una, maaaring medyo mababaw ang mga sagot. Hikayatin ang mga kalahok na magpaliwanag pa. Halimbawa, maaari niyong itanong, "Bakit mo nasabi iyon?", "Maaari ka bang magbigay ng halimbawa?".
- Isulong ang talakayan upang makamit ang mga layunin ng grupo. Maaari niyo ring tanungin ang ibang kalahok kung nais nilang susugan ang naunang sagot, "Ano ang tingin niyo sa sinabi ni ___?" at "May iba pa ba kayong mungkahi?" Manghikayat ng mga makabagong ideya. Halimbawa, "Nauunawaan ko ang pagkadismaya niyo na paulit-ulit lang na bumabalik ang mga bata sa lansangan. Pero paano kaya natin mapuputol ang siklong ito?" Maaring malawak ang kaalaman ng tagapagdaloy, ngunit ang papel niyo ay tulungan ang mga kalahok na makarating sa konklusyon o layunin. Ipahayag ang mga tamang tanong, hindi ang mga tamang sagot.
- Kung magtatanong ka at walang sumasagot, iwasang sagutin ang sarili mong tanong. Pabayaan lang ang panandaliang katahimikan.Kasama ito sa pakikipagtalakayan.
- Ibuod at pasimplehin ang mga napag-usapan. Mag-notes habang nagmi-miting at siguraduhing naisusulat niyo ang mga mahahalagang ideya at opinyon. Bago matapos ang miting, balikan ang mga napag-alaman at napag-kasunduan. Ilista ang mga isyung kailangan pa ng karagdagang pagsusuri at diskusyon.
- Pagkatapos mag-buod, maaaring itanong, "May nakalimutan ba akong sabihin? May gusto pa ba kayong idagdag?"

# MGA BIDYO



# EPISODE 1:
## SINO NGA BA ANG CiSS?
*(WHO ARE CiSS?)*

### Pangunahing Mensahe ng Kabanata

- Ang wastong tawag sa mga *street children* o mga batang nasa lansangan ay *Children in Street Situations (CiSS)*. Tulad ng mga katagang *Children at Risk (CAR)* at *Children in Conflict with the Law (CICL)*, nangunguna dapat ang pagkilala sa kanila bilang bata. Lahat ng bata ay may mga karapatan sa ilalim ng batas.
- Ang CiSS ay mga bata na madalas nasa lansangan o ibang pampublikong lugar.
- Lahat ng CiSS ay may karapatan sa maayos na buhay at magandang kinabukasan.
- Responsibilidad ito hindi lamang ng mga magulang, kung hindi ng pamahalaan at buong komunidad.

### Mga Gabay na Tanong

1. Ano ang natutunan niyo mula sa bidyo?
2. Ano ang naramdaman mo nang mapanuod ang bidyo?
3. Anu-ano ang karaniwang sinasabi ng mga tao tungkol sa mga CiSS?
   Ilan sa mga sagot ay maaaring:
   - Mga kriminal at adik ang karamihan sa kanila
   - Kasalanan ng mga magulang
   - Madaling kumita ng pera sa lansangan
   - Kailangan natin silang kaawaan
4. Hindi pare-pareho ang mukha ng mga CiSS sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. Ano ang kalagayan ng mga CiSS dito sa siyudad o barangay ninyo? Ano ang mga kuwento nila? Ilan sa mga sagot ay maaaring:
   - Hindi ko alam. Kailangan pa ng pagsusuri para may datos tungkol sa mga CiSS dito sa amin.
   - Karamihan ay nag-aaral naman pero nagtatrabaho sa lansangan para may panggastos sa eskwelahan.
   - Sila ang pangunahing tagapagtaguyod ng pamilya nila.
   - Tulad ng mga Sama Bajau, nakatira ang buong pamilya sa lansangan at panlilimos ang kinabuhayan.
   - Wala silang mga magulang. Iniwan sila sa lola o tita.



- Iilan lang ang *Children in Street Situations (CiSS).*
- Karamihan ay nagtitinda lang.

5. Minsan, biktima ng stigma o diskriminasyon ang mga CiSS. Sa tingin niyo, ano ang dapat maintindihan ng publiko tungkol sa mga CiSS? Ilan sa mga sagot ay maaring:
   - Naghahanap-buhay sila dahil gusto nilang makatulong sa pamilya
   - May mga karapatan sila tulad ng ibang bata.
   - May mga pangarap sila tulad ng ibang bata.
   - Dapat silang gabayan ng mga awtoridad at ng komunidad.
6. May mga tanong ba kayo o nais pang pag-usapan?

**Pagninilay: Magbigay ng dalawang minutong katahimikan para sa pagninilay.**
Sino ang huling CiSS na naka-salamuha ko? Ano ang nangyari?

**Pagbubuod: I-summarize ng tagapagdaloy ang mahahalagang punto**

## MGA DAPAT TALAKAYIN

- Hindi pare-pareho ang mga CiSS. Ayon sa *United Nations General Comment No.* 21, may mga nakatira sa lansangan o sa pambulikong lugar. Sa Pilipinas, may umuuwi sa bahay, May *out-of-school*, may nag-aaral. May nagtatrabaho sa lansangan, may naglalaro lang. May mga nasasangkot sa krimen, droga, o away. May mga biktima ng pang-aabuso at karahasan.
- Dapat kumilos ang buong komunidad, hindi lamang ang mga magulang at pamilya ng mga batang nasa lansangan, upang gumanda ang kinabukasan ng mga CiSS.

# EPISODE 2:
## PAGKALINGA SA MGA CiSS
*(CARING FOR CiSS)*

### Pangunahing Mensahe ng Kabanata

1. Ang mga CiSS ay nangangailan ng higit na pagkalinga. Responsibilidad nating lahat na silang kalingain at alagaan.

2. Mga uri ng paglabag ng karapatan ng bata:
    - **Pang-aabusong pisikal (physical abuse)**
        - Pamamalo
        - Pamimingot
        - Pagsipa
        - Panununtok
        - Pagbatok
        - At iba pang pisikal na pananakit o pagbubuhat ng kamay
        - Pananampal
    - **Pang-aabusong sekswal (sexual abuse)**
        - Panghihipo
        - Pagpapakita ng maseselang bahagi ng katawan
        - Pakikipagtalik
        - Pagpapa-panood ng pornograpiya
        - *Online sexual abuse and exploitation of children*
        - Pagkuha at pamamahagi ng maseselang larawan at bidyo
    - **Pang-aabusong emosyonal at mental (emotional and mental abuse)**
        - Diskriminasyon
        - *Stigma* o mapanglait na pagtingin
        - Pamamahiya
        - Pangungutya
        - Pagmumura
        - Pananakot
        - Pagbabantang sasaktan o iiwan
        - Hindi pagbibigay-pansin
    - **Pag-aabandona o intensyonal na pag-iwan ng mga magulang o *guardian***
    - **Pagpapabaya *(neglect)* o pagkakait ng mga pangunahing pangangailangan**
    - **Pananamantala *(exploitation)* tulad ng prostitusyon at pornograpiya, *child labor, child trafficking,* atbp.**




3. May mga pangunahing responsibilidad na mag-report ng pang-aabuso, ngunit kahit sino ay pwedeng mag-*report.*
4. Ang karahasan at pang-aabuso ay maaaring magdulot ng *trauma,* magtulak sa krimen, o kapahamakan.
5. Sa pagkakaisa at pagtutulungan ng komunidad upang matugunan ang mga pangangailangan ng CiSS, maaari pang magbago ang direksyon at maiayos ang buhay nila.

## Mga Gabay na Tanong

1. Ano ang natutunan niyo mula sa bidyo?
2. Ano ang naramdaman mo nang mapanuod ang bidyo?
3. Bakit laging nasa kalsada ang mga CiSS? Anu-ano ang mga sitwasyong nagtutulak at humihila sa mga bata sa lansangan (push and pull factors)? Saan nag-uugat ang mga sitwasyong ito? Ilan sa mga sagot ay maaring:
   - Kailangang kumita ng pera
   - Hindi kasya sa bahay
   - Umiiwas sa gulo o karahasan sa bahay
   - Umiiwas sa pang-aabuso sa bahay
   - Nag-uugat sa kahirapan
4. Paano mapuputol ang paikot-ikot na cycle o siklo ng mga nagtutulak at humihila sa mga bata sa lansangan? Ilan sa mga sagot ay maaring:
   - Pagtugon sa kahirapan
   - Pagkakaroon ng hanapbuhay para sa lahat
   - Edukasyon para sa lahat ng mga bata
   - Pabahay
   - Palakasin ang pamilya at pagiging magulang

# EPISODE 2:
## PAGKALINGA SA MGA CiSS
*(CARING FOR CiSS)*

5. Pantay-pantay ang mga karapatan ng bawat bata. Pero bakit kailangan ni Nene ng higit na pagkalinga kumpara sa ibang bata? Ilan sa mga sagot ay maaaring:
   - Madalas malabag ang kanyang mga karapatan dahil lagi siyang nasa lansangan.
   - Mas bulnerable siya sa pag-aabandona, pang-aabuso, at pananamantala
   - Naabuso siya sa bahay at sa lansangan. Minsan awtoridad pa ang nang-aabuso sa kanya.
   - Mas bulnerable ang mga batang babae at LGBTQ+
   - Madalas ay kulang sila sa paggabay ng mga magulang o guardian.
6. Ano ang dapat nating gawin bilang kawani ng gobyerno o miyembro ng komunidad? Ilan sa mga sagot ay maaaring:
   - I-report agad ang pang-aabuso.
   - Matuto ng tamang paraan o protocol ng pagtulong at paggabay sa mga CiSS.
7. Paano natin itataas ang ating kaalaman o kasanayan upang maprotektahan ang karapatan ng mga CiSS?
8. May mga tanong ba kayo o nais pang pag-usapan?

**Pagninilay: Magbigay ng dalawang minutong katahimikan para sa pagninilay.**

Ako ay kawani ng gobyerno, ngunit ako ay miyembro rin ng aking komunidad. Bilang kasapi ng lipunan, ano ang personal na responsibilidad ko para isulong at protektahan ang mga karapatan ng mga CiSS

**Pagbubuod: I-summarize ng tagapagdaloy ang mahahalagang punto**

### MGA DAPAT TALAKAYIN

Responsibilidad ng lahat ng tao – gobyerno at pribadong mamamayan – ang pagprotekta sa mga CiSS.

# PUSH & PULL FACTORS WHY THERE ARE CHILDREN IN STREET SITUATIONS

| PUSH FACTORS<br>Factors that encourage children to leave their homes | PULL FACTORS<br>Factors that draw children to the streets |
| --- | --- |
| Poverty/Hunger | Economic Opportunities |
| Abuse/Violence | Friends/ Peer Groups |
| Parental Substance Abuse | Freedom/ Adventures |
| Neglect | |
| Inadequate Housing | |
| Lack Access to Education | |

LIFEBANK FOUNDATION 2003

STREET CHILDREN NGO SUPPORT PROJECT

*Source:*
*SNSP Online Forum on National Situationer of Children in Street Situations Under COVID-19*
*December 9, 2020*
*Speaker: Ms. Catherince Scerri, Co-Chair of the Sub-Committee on the Protection and Welfare of Children in Street Situations*
*Council for the Welfare of Children*

# EPISODE 3:

## TAMANG PAGTULONG SA MGA CiSS

*(HELPING CiSS)*

### Pangunahing Mensahe ng Kabanata

- Tinatayang mahigit sa 369,000 ang mga CiSS sa bansa noong 2019. Maaaring mas marami pa ngayon dahil sa pagkawala ng hanapbuhay dahil sa pandemya, inflation, at iba pang pagbagsak ng ekonomiya.
- Kahit sino ay pwedeng mag-*report* ng mga kaso ng:
  - Biktima ng pananakit, pang-aabuso, at pananamantala *(exploitation)*
  - Batang nahuli dahil sa curfew
  - Batang nasa lansangan
  - Batang nasa detention facilities
  - Batang tagapagtaguyod ng pamilya
  - Batang manggagawa *(child labor)*
  - Batang nahuling gumagawa ng krimen
- May mandato na magbigay ng serbisyo para sa mga bata, maaaring ito ay mga ospital o *rural health unit, police station, Social Welfare and Development Agencies (SWDAs)* na rehistrado, lisensyado, at accredited ng DSWD, LSWDO o pinakamalapit na pasilidad.
- Minsan, ang mga awtoridad pa ang lumalabag sa karapatan ng mga CiSS.
- Ang pag-rescue o pagsagip sa mga CiSS ay para ilayo sa sakuna o pang-aabuso sa lansangan. Gumawa ng *Protocol to Reach Out to Street Children* ang CWC at *iba pang stakeholders*. Ang layunin ng *Protocol* ay magkaroon ng tama at klarong proseso ng pag-abot o pagsagip sa mga CiSS:
  - *To define roles between agencies*
  - *To understand definitions and terminologies*
  - *To provide guide for conducting reach out activities*
  - *To establish referral system*
  - *To set rules for the right behavior*
  - *To provide an effective and efficient system for redress of violations of rights*




- Ang *Protocol* ay para sa mga *City o Municipal Social Welfare and Development Office (C/MSWDO), City o Municipal Health Office (C/MHO), Philippine National Police (PNP)* at ibang *peace and order units* ng LGU at barangay, LCPC at BCPC, *Metropolitan Manila Development Authority (MMDA)* or mga katumbas nito sa ibang urbanized na lugar, DSWD, DILG, NGOs, *faith-based organizations, people's organizations,* atbp.
- Pantay-pantay ang karapatan ng lahat ng bata, pero dahil ang mga CiSS ay pinagkaitan ng magandang kapalaran at pagkakataon para makamit sana ang magandang kinabukasan, kailangan nila ng dagdag na pagtingin, sapat na paggabay, at tamang atensyon mula sa pamilya, komunidad, at higit sa lahat, mga awtoridad.

## Mga Gabay na Tanong

1. Ano ang natutunan niyo mula sa bidyo?
2. Ano ang naramdaman mo nang mapanuod ang bidyo?
3. Ano ang naging epekto ng pandemya sa kalagayan ng mga CiSS? Maaaring positibo o negatibong epekto ang mga sagot, tulad ng:
   - Nawala sila sa lansangan
   - Mas madaling maghatid ng serbisyo kasi nasa bahay ang buong pamilya
   - Lalo silang nahirapan sa online classes kasi wala silang gadget at internet at walang gumagabay sa kanila sa bahay
   - Nawalan ng hanapbuhay ang marami sa mga magulang nila
4. Bakit takot si Nene sa mga awtoridad? Nangyayari rin ba ito sa lugar ninyo? Ayon sa Baseline Study of CiSS in Manila na ginawa ng ASMAE Philippines noong 2019, ilan sa mga sagot ay maaring:
   - Hinuhuli sila at kinukulong
   - Pinagbibintangan sila na kriminal o gumagamit ng bawal na gamot
   - Tinatakot, sinasaktan, o pinapahiya sila

# EPISODE 3:
## TAMANG PAGTULONG SA MGA CiSS
*(HELPING CiSS)*

5. Paano natin mababawasan ang takot ng mga CiSS sa mga awtoridad? Ilan sa mga sagot ay maaaring:
   - Ipakita na ipinagtatanggol nila ang karapatan ng CiSS. Sinasagip sila mula sa mapanganib na sitwasyon tulad ng karahasan at pang-aabuso.
   - Nagbibigay sila ng mga serbisyo tulad ng pangkalusugan at panghanapbuhay
   - Mga taga-Women and Child Protection Desk (WCPD) at social worker ang gumawa ng pagreach-out. Naka-uniform sila na magkaiba sa "patrol".
   - Gawing "child-friendly" ang police station. May pribadong kwarto para sa counseling ng mga bata.
   - Gamitin ang terminong "reach out" sa halip ng "rescue" dahil may masamang karanasan na ang ibang CiSS sa "rescue operations"
6. Survey: Itaas ang inyong kamay.
   - May alam ba kayong ordinansa or protocol to rescue/ reach out to CiSS? (Kung meron sa LGU niyo, maaari niyo bang i-share ito?)
   - Sino ang interesadong magbasa ng Protocol to Reach Out to Street Children? (Tanungin ang participants kung gusto nilang mag-organisa sa lungsod o barangay ng isang training sa Protocol to Reach Out to Street Children. Maaaring magtakda na ng tao na magsisimula ng proseso nito. Humingi ng tulong sa inyong CWC o sino man sa Sub-committee for the Protection and Welfare of Children in Street Situations.)
7. May mga tanong ba kayo o nais pang pag-usapan?

**Pagninilay: Magbigay ng dalawang minutong katahimikan para sa pagninilay**
Ano ang mandato ko, sa posisyon o trabaho ko, sa pagtulong sa mga CiSS?

**Pagbubuod: I-summarize ng tagapagdaloy ang mahahalagang punto**

## MGA DAPAT TALAKAYIN

Ayon sa Convention on the Rights of the Child (CRC), ang "State" o madalas na tawaging estado, gobyerno, at awtoridad ang may mandato na pangalagaan at tuparin ang karapatan ng mga bata tulad ng mga CiSS.

### Karagdagang Gawain

Bago maghiwahiwalay, maaaring bigyan ng takdang gawain ang mga kalahok. Kumpletuhin ang lokal na Direktory ng mga Ahensya na tumutolong sa mga CiSS o kung saan pwedeng mag-report ng pang-aabuso ng mga bata at ipamahagi ito sa susunod na pagkikita.

### Direktory ng mga Ahensya: Lokal

| GOBYERNO | TELEPONO | ADDRESS |
|---|---|---|
| City/Municipal Social Welfare and Development Office | | |
| City/Municipal Council for the Protection of Children | | |
| Barangay Council for the Protection of Children | | |
| Barangay Captain (pangalan) ____________ | | |
| Kagawad for (pangalan) ____________ | | |
| (pangalan) ____________ Health Center | | |
| (pangalan) ____________ Hospital | | |

| NON-GOVERNMENT ORGANIZATION | TELEPONO | ADDRESS |
|---|---|---|
| | | |
| | | |

# EPISODE 4:
## MGA PLANO PARA SA MGA CiSS
*(THE PHILIPPINE MULTI-SECTORAL STRATEGIC PLAN FOR CiSS)*

### Pangunahing Mensahe ng Kabanata

- Ayon sa datos ng Lifebank Foundation at Social Weather Stations, mahigit sa 369,000 ang mga CiSS sa bansa noong 2019. Maaaring mas marami pa ngayon dahil sa pagkawala ng hanapbuhay dahil sa pandemya.
- Ang *Philippine National Multisectoral Strategic Plan for CiSS* for 2021-2025 ay inilunsad noon Abril 2021. Ito ang unang pambansang plano para sa mga CiSS. Pagpapatibay ito ng pangako ng Pilipinas sa *United Nations (UN) Convention on the Rights of the Child (CRC) General Comment* 21 noon 2017. Layunin ng National *Multi-sectoral Strategic Plan* na mapalakas ang kooperasyon ng iba't ibang sektor ng lipunan upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga CiSS.
- Ang CWC ang responsable para sa koordinasyon at pagpapatupad ng mga batas para siguradong natatamasa ng lubos ng bawat batang Pilipino ang kanilang karapatan.

### Mga Gabay na Tanong

1. Ano ang natutunan niyo mula sa bidyo?
2. Ano ang naramdaman mo nang mapanuod ang bidyo?
3. Survey: Itaas ang inyong kamay.

   May *Multisectoral Strategic Plan for CiSS* ba ang LGU niyo? O nakapasok ba sa Annual Investment Plan (AIP) ang budget sa mga programa para sa CiSS?
   a. Kung meron, kamusta ang implementasyon nito?
   b. Kung wala, gusto niyo bang magkaroon ng *Local Multisectoral Strategic Plan for CiSS?* Maaaring magtakda na ng tao na magsisimula ng paghahanda para sa prosesong ito. Maaaring humingi ng tulong sa CWC o sino man sa *Sub-committee for the Protection and Welfare of Children in Street Situations (SC-PWCiSS).*

4. Dahil malawak at sangay-sangay ang isyung napapalibot sa CiSS, kailangan



ng koordinasyon ng iba't ibang sektor. Balikan natin ang pinag-usapan na mga dahilan kung bakit laging nasa lansangan ang mga CiSS. Base sa mga ito, sinu-sino ang dapat makibahagi sa pagpaplano at pagpapatupad ng *Local Strategic Plan for CiSS?*

Bigyang diin ang mga madalas nakakaligtaang mga sektor tulad ng:
- Mga CiSS mismo
- Mga pamilya ng CiSS
- Mga negosyante o ang mga may-ari ng mga negosyo lalo na sa mga lugar na maraming CiSS
- Homeowners' associations
- Sangguniang Kabataan and other youth organizations
- TESDA, PESO, at DOLE
- *Commission on Human Rights (CHR)*
- *Department of Education*
- *Faith-based organizations*

5. Anong programa ang gusto niyong makita para sa mga CiSS sa inyo?
6. Mula sa talakayan, gusto nating matuloy sa tunay na pagbabago ang mga napag-usapan natin. Para mangyari ito, kailangang may ambag ang bawat isa ayon sa ating mandato at kakayanan, maliit man ito. Anu-ano ang mga paunang hakbang at konkretong bagay na gagawin upang matuloy o mapalakas ang mga programa para sa mga CiSS dito sa inyo? Sinu-sino ang nangangakong gawin ito, at kailan maaasahang simulan at matapos ang gawain?

Maaaring isulat ang mga kasunduan sa template na ito. Halimbawa:

# EPISODE 4:
## MGA PLANO PARA SA MGA CiSS
*(THE PHILIPPINE MULTI-SECTORAL STRATEGIC PLAN FOR CiSS)*

| ANO ANG GAGAWIN? | SINO ANG GAGAWA? | KAILAN SISIMULAN AT MATATAPOS? |
|---|---|---|
| 1. Humingi ng datos mula sa CSWD tungkol sa CiSS sa lungsod upang magamit kumbinsihin ang LGU na maglaan ng budget sa mga programa para sa CiSS | *Maria D.* | October |
| 2. Sumulat kay Mayor na ipulong ang mga department heads at lokal na ahensiya para i-review ang programa para sa CiSS | *Juan C.* | Nov-Dec |
| 3. | | |
| 4. | | |

7. May mga tanong ba kayo o nais pang pag-usapan?

**Pagninilay: Ibalik ang pananaw sa dahilan kung bakit tayo naririto. Magbigay ng dalawang minutong katahimikan para sa pagninilay.**
Ano ang pangarap ko para sa mga CiSS?

**Pagbubuod: I-summarize ng tagapagdaloy ang mahahalagang punto**



## MGA DAPAT TALAKAYIN

Kailangan ng programa na angkop sa lugar natin. May Guidebook for the Localization of the Philippine Strategic Plan on Children in Street Situations (PSP-CiSS) 2021 – 2025 na gagabay sa ating LGU sa pagpaplano para sa mga CiSS. Maaari itong i-download mula sa website ng CWC.

**Magtakda ng araw para sa susunod na miting para kamustahin ang paggawa sa Susunod na mga Hakbang.**



# MAKABATA HELPLINE 1383

COUNCIL FOR THE WELFARE OF CHILDREN • 1975 •

## WHAT IS MAKABATA HELPLINE 1383?

It is a helpline that aims to provide quick responses, monitoring, and feedback from reports of abuses, exploitation, and neglect of children's rights received through calls, electronic mail, and different social media platforms.

## WHAT TO REPORT?

All types of abuse, but not limited to:

- PHYSICAL
- VERBAL
- SEXUAL
- EMOTIONAL
- EXPLOITATION
- NEGLECT
- DISCRIMINATION
- OTHERS

## HOW TO CONTACT US?

**HELPLINE 1383 NUMBER**

### Other Contact Information

**MOBILE NUMBERS:**
09193541383 (SMART)
09158022375 (GLOBE)

**E-MAIL ADDRESS:**
makabatahelpline@cwc.gov.ph

**INSTAGRAM:**
makabata_helpline

**FACEBOOK PAGE:**
Makabata Helpline

# ANNEX A:
# SUSUNOD NA MGA HAKBANG

Mula sa talakayan, gusto nating matuloy sa tunay na pagbabago ang mga napag-usapan natin. Para mangyari ito, kailangang may ambag ang bawat isa ayon sa ating mandato at kakayanan, maliit man ito. Isulat ang mga paunang hakbang at konkretong bagay na gagawin, sino ang nangangakong gawin ito, at kailan maaasahang simulan at matapos ang gawain.

| Ano ang gagawin? | Sino ang gagawa? | Kailang sisimulan at matatapos? |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. | | |

# ANNEX B:
# DIREKTORY NG MGA AHENSYA

## NATIONAL

| Gobyerno | Telepono | Website |
|---|---|---|
| Council for the Welfare of Children (CWC) – Makabata Helpline | 1383 | https://cwc.gov.ph/ |
| PNP Women and Children Protection Center (WCPC) – Aleng Pulis | +63919-777-7377 (Smart)<br>+63966-725-5961 (Globe) | http://wcpc.pnp.gov.ph/ |
| Department of Social Welfare and Development (DSWD) | | https://www.dswd.gov.ph/ |
| Philippine National Police (PNP) Hotline | 117 | https://pnp.gov.ph/ |
| National Bureau of Investigation (NBI) | (02) 8523-8231 | https://nbi.gov.ph/ |
| Commission on Human Rights (CHR) | (02) 8294-8704<br>+63936-068-0982 (Globe)<br>+63920-506-1194 (Smart) | https://chr.gov.ph/ |

| Non-Government Organizations | Telepono | Website |
|---|---|---|
| Association Soeur Emmanuelle (ASMAE) Philippines | + 632 8997-4144 | https://www.asmae.fr/en/our-actions-philippines/ |
| Bahay Tuluyan Foundation, Inc. | | https://www.bahaytuluyan.org/ |
| LifeBank Foundation, Inc. (LBF) - Street Children NGO Support Project (SNSP) | | https://www.streetchildrenlbf.org/ |

## LOCAL

| Gobyerno | Telepono | Website |
|---|---|---|
| City/Municipal Social Welfare and Development Office | | |
| City/Municipal Council for the Protection of Children | | |
| Barangay Council for the Protection of Children | | |
| Barangay Captain (pangalan) | | |
| Kagawad for ______ (pangalan) | | |
| (pangalan) Health Center | | |
| (pangalan) Hospital | | |

| Non-Government Organizations | Telepono | Website |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

# ANNEX C: MGA MAPAGKUKUNAN NG IMPORMASYON (USEFUL LINKS)


**Philippine National Multi-Sectoral Strategic Plan for CiSS 2021-2025 (PNMSSPCiSS)**
https://cwc.gov.ph/resources/webinar/webinar-materials.html


**Protocol for Reaching Out to CiSS**
https://cwc.gov.ph/protocol-tools-and-standard/#ciss-protocol/4






**Comprehensive Guidelines for the Establishment and Monitoring of the Local Council for the Protection of Children (LCPC) at All Levels and for Other Purposes**
https://www.dilg.gov.ph/PDF_File/issuances/memo_circulars/dilg-memocircular-2020214_29b8e107f7.pdf



The Sub-committee for the Protection and Welfare of

# Children in Street Situations

Members From National Government:

Members From Civil Society Organizations:

**Lifebank Foundation, Inc.'s** mission is to be a catalyst in poverty reduction through provision of financial solutions to micro-entrepreneurs coupled with social services for their family members.

The **Streetchildren NGO Support Project (SNSP)** aims to strengthen the capacity of the network of non- profit groups and local government units in creating a better future for Children in Street Situations.

## For further information, contact

**Ms. Norma Chan-Pongan**
Executive Director
Streetchildren NGO Support Project (SNSP)

2nd floor Fernandez Building, McArthur Highway, Tagbac, Jaro, Iloilo City

+63 33 323 4390

https://www.streetchildrenlbf.org

https://www.facebook.com/lbmfisnsp

@lbfcares

Lifebank Foundation, Inc. would like to thank the Council for the Welfare of Children, Sub-Committee on the Protection and Welfare of Children in Street Situations for making this documentation possible.

Copyright 2023 by Lifebank Foundation, Inc.
All rights reserved. No part of this document may be reproduced, distributed, or transmitted in any form or use in any manner without the written permission of Lifebank Foundation, Inc.

**Printed in the Philippines | First Printing 2023**

